



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF DEPED TAMBAYAN
NATIONAL HIGH SCHOOL

MABISANG KOMUNIKASYON

School Year 2026-2027, Term 1

1ST Summative Test

Name: _____

Grade & Section: _____

Date: _____

Score: _____

Panuto: Basahin at unawain ang bawat aytem. Piliin ang pinakaangkop na sagot mula sa mga pagpipilian. Ang mga tanong ay hango sa mga kasanayang pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon.

PARA SA MGA BILANG 1-7: Basahin ang sumusunod na sitwasyon.

Sitwasyon: Isang mag-aaral ang lumapit sa kanyang guro upang humingi ng palugit (extension) sa pagpapasa ng kanyang proyekto dahil siya ay nagkasakit.

"Magandang umaga po, Ma'am. Maaari po ba akong humingi ng paumanhin at palugit sa takdang-aralin? Nagkasakit po kasi ako noong nakaraang linggo at may medical certificate po ako bilang patunay."

- Ano ang pangunahing layunin ng wika na ginamit ng mag-aaral sa sitwasyon?
 - Mag-utos sa guro na tanggapin ang proyekto
 - Magpahayag ng impormasyon at makiusap nang may paggalang
 - Magbigay ng babala tungkol sa kanyang kalusugan
 - Mang-alihw ng guro upang hindi mapagalitan
- Aling salita sa pahayag ang nagpapakita ng pormal na tono at pagkilala sa awtoridad?
 - Ma'am
 - Palugit
 - Nagkasakit
 - Linggo
- Anong uri ng komunikasyon ang nagaganap sa pagitan ng mag-aaral at guro?
 - Intrapersonal
 - Interpersonal
 - Pampubliko
 - Pang-masa
- Kung ang mag-aaral ay gagamit ng impormal na wika tulad ng "Ma'am, pass muna ako, lagnat ako eh," ano ang posibleng mahinuha ng guro sa kanyang saloobin?
 - Siya ay seryoso sa kanyang pag-aaral
 - Siya ay kulang sa paggalang at propesjonalismo
 - Siya ay sobrang talino kaya kampante
 - Siya ay natatakot sa kanyang guro
- Paano nakatulong ang pagbanggit sa "medical certificate" sa layunin ng mag-aaral?
 - Upang takutin ang guro
 - Upang magyabang na may pera sila
 - Upang magbigay ng ebidensya at kredibilidad sa kanyang pakiusap
 - Upang ipakita na mahina ang kanyang katawan
- Anong estruktura ng wika ang pinakaangkop gamitin kung ang layunin ay makipag-usap sa isang kaibigan tungkol sa parehong paksa?
 - "Ginoo, nais ko sanang ipabatid ang aking kalagayan."
 - "Bes, paki-sabi kay Ma'am lagnat ako, late ako magpasa."
 - "Sa kinauukulan, narito ang aking katibayan ng pagkakasakit."
 - "Mawalang-galang na po, maaari bang magtanong?"
- Sa pagbuo ng isang mabisang komunikasyon, bakit mahalagang isaalang-alang ang "tono"?
 - Upang mabilis matapos ang usapan
 - Upang maipakita ang damdamin at tunay na intensyon ng nagsasalita
 - Upang malaman kung gaano kalakas ang boses
 - Upang maging sikat sa paaralan

PARA SA MGA BILANG 8-15: Basahin ang diyalogo sa pagitan ng mag-ina (Mula sa Gawaing Pampagkatuto).

Anak: Inay, puwede po ba tayong mag-usap?

Ina: Oo naman, anak. May problema ba?

Anak: Gusto ko lang pong humingi ng tawad sa ginawa kong pagsagot-sagot sa inyo kagabi. Hindi ko po sinasadya, dala lang talaga ng pagod at inis ko sa school.

- Ano ang mahihinuha mong pangunahing ideya sa sinabi ng anak?

- A. Pagreklamo sa hirap ng paaralan
 - B. Pagpapakita ng pagsisisi at pagpapakumbaba
 - C. Paghingi ng pera pambili ng gamit
 - D. Pagkukuwento ng kanyang mga grado
9. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay na ito ay isang "personal" na komunikasyon?
- A. Ginamit ito sa isang pormal na pagtitipon
 - B. Ito ay pagpapalitan ng damdamin sa loob ng pamilya
 - C. Ito ay binasa sa harap ng maraming tao
 - D. Ito ay ipinalabas sa telebisyon
10. Bakit mahalaga ang tono ng boses ng anak sa sitwasyong ito?
- A. Upang hindi siya mapalo ng ina
 - B. Upang mapaniwala ang ina na siya ay pagod
 - C. Upang maramdaman ng ina ang pagiging tapat ng kanyang paghingi ng tawad
 - D. Upang ipakita na siya ay masunuring bata
11. Anong elemento ng wika ang ginamit ng anak upang maiparating ang kanyang "interpersonal" na layunin?
- A. Paggamit ng mga teknikal na salita
 - B. Paggamit ng "Inay" at "po" bilang tanda ng relasyon at paggalang
 - C. Paggamit ng wikang Ingles upang magmukhang matalino
 - D. Paggamit ng mga talinghaga
12. Kung susuriin ang nilalaman, ano ang naging "context" o konteksto ng kanilang pag-uusap?
- A. Isang pormal na interview
 - B. Isang masinsinang usapan sa tahanan matapos ang isang alitan
 - C. Isang debate tungkol sa edukasyon
 - D. Isang pag-uulat sa klase
13. Ano ang ibig sabihin ng "multimodal" na teksto kung ilalapat sa aktuwal na interaksyong ito?
- A. Ang paggamit lamang ng boses
 - B. Ang pagsulat ng liham
 - C. Ang kombinasyon ng pasalitang wika, ekspresyon ng mukha, at kilos ng katawan
 - D. Ang paggamit ng computer
14. Bilang isang tagapakinig, paano mo ieebalwa ang tugon ng ina na "Mahalaga sa akin na natututo kang humingi ng tawad"?
- A. Ang ina ay mapagpatawad at nagpapahalaga sa karakter ng anak
 - B. Ang ina ay galit pa rin sa anak
 - C. Ang ina ay walang pakialam sa sinasabi ng anak
 - D. Ang ina ay nais lamang matapos ang usapan
15. Kung ikaw ang susulat ng susunod na linya ng anak upang ipakita ang pagkatuto (Create), alin ang pinakaangkop?
- A. "Sige po, matutulog na ako dahil pagod ako."
 - B. "Pangako po, pag-iisipan ko muna ang sasabihin ko bago ako magsalita sa susunod."
 - C. "Bakit po ba kayo laging nagagalit?"
 - D. "Sana po ay binigyan niyo ako ng baon kanina."

PARA SA MGA BILANG 16-20: Basahin ang email sa ibaba.

Mula kay: r_santos@email.com

Para kay: recruitment@company.ph

Paksa: Liham ng Paglalapat para sa Posisyong Office Assistant

Mahal na Tagapamahala,

Sumusulat ako upang pormal na mag-apply sa posisyong nakasaad sa inyong anunsyo...

16. Ano ang tiyak na layunin ng korespondensiyang ito?
- A. Makipagkaibigan sa tagapamahala
 - B. Magpahayag ng intensyong makapagtatrabaho
 - C. Magreklamo sa serbisyo ng kumpanya
 - D. Mangutang ng pera
17. Aling bahagi ng email ang nagsisilbing "salutation" o pagbati?
- A. Mula kay: r_santos
 - B. Paksa: Liham ng Paglalapat
 - C. Mahal na Tagapamahala
 - D. Sumusulat ako
18. Bakit itinuturing na "interpersonal" ang komunikasyong ito kahit ito ay pasulat?
- A. Dahil ito ay ipinadala sa internet
 - B. Dahil mayroong nagpapatunay at tatanggap ng mensahe para sa isang layunin
 - C. Dahil marami ang makakabasa nito
 - D. Dahil mahaba ang nilalaman nito
19. Anong uri ng wika ang dapat gamitin sa ganitong uri ng korespondensiya?
- A. Balbal o slang
 - B. Pormal at propesyonal
 - C. Mabulaklak at matulain
 - D. Puro daglat (shortcuts)

20. Ano ang kahalagahan ng "Paksa" (Subject Line) sa isang email?
- Upang magmukhang maganda ang email
 - Upang agad na malaman ng tatanggap ang nilalaman at layunin ng sulat
 - Upang hindi mapunta sa spam
 - Upang malaman ang pangalan ng nagpadala

PARA SA MGA BILANG 21-25: Suriin ang sitwasyong pang-kultural.

Sitwasyon: Isang talumpati tungkol sa kahalagahan ng pagpapanatili ng katutubong wika sa gitna ng modernisasyon.

21. Anong saloobin ang karaniwang nakapaloob sa isang talumpati tungkol sa katutubong wika?
- Pagkahiya sa sariling pinagmulan
 - Pagmamalaki at pagpapahalaga sa kultural na pagkakakilanlan
 - Pagnanais na palitan ang lahat ng wika ng Ingles
 - Kawalan ng pakialam sa tradisyon
22. Sa isang brodkast pangmidya, paano naipakikita ang pananaw ng mga tao sa isang isyung sosyal?
- Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga commercial
 - Sa pamamagitan ng mga panayam (interviews) at komentaryo
 - Sa pamamagitan ng pagtugtog ng musika
 - Sa pamamagitan ng pagbabago ng kulay ng screen
23. Bakit mahalagang maunawaan ang "paniniwala" ng isang tagapagsalita sa isang kultural na pagtatanghal?
- Upang malaman kung magkano ang ginastos sa props
 - Upang mabigyang-halaga ang mensahe at konteksto ng kanilang sining
 - Upang matandaan ang pangalan ng mga aktor
 - Upang makakuha ng mataas na grado sa sining
24. Alin sa mga sumusunod ang isang sitwasyong pangkomunikasyon na tumatalakay sa paksang sosyal?
- Pag-uusap tungkol sa paboritong pagkain
 - Isang forum tungkol sa epekto ng climate change
 - Pagbabasa ng isang pocketbook
 - Pagkanta sa banyo
25. Paano mo ilalapat ang tamang saloobin kung ikaw ay nakikinig sa isang taong may ibang paniniwalang kultural?
- Pagtawanan ang kanilang sinasabi
 - Makinig nang may bukas na isipan at paggalang
 - Agad na sumalungat at makipag-away
 - Matulog habang sila ay nagsasalita

PARA SA MGA BILANG 26-30: Pangkalahatang pagsusuri sa Wika at Komunikasyon.

26. Ano ang tinutukoy na "kalikasan ng wika" batay sa ating aralin?
- Ang wika ay static at hindi nagbabago
 - Ang wika ay masistemang balangkas ng mga sinasalitang tunog
 - Ang wika ay para lamang sa mga tao sa lungsod
 - Ang wika ay isang uri ng laro
27. Sa paggamit ng wika nang may layunin, alin ang dapat unang isaalang-alang?
- Ang haba ng sasabihin
 - Ang awdyens o ang taong kausap
 - Ang ganda ng boses
 - Ang lugar kung saan nag-uusap
28. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng "multimodal" na materyal?
- Isang plain text na nobela
 - Isang video presentation na may audio, text, at graphics
 - Isang radio broadcast na boses lamang
 - Isang talumpati na walang gestures
29. Bakit itinuturing na "mabisang komunikasyon" ang pag-uunawaan ng dalawang tao?
- Dahil pareho silang nagsasalita
 - Dahil naiparating at natanggap ang tamang mensahe at intensyon
 - Dahil matagal silang nag-usap
 - Dahil gumamit sila ng maraming salita
30. (Create) Bumuo ng isang maikling layunin para sa isang "interpersonal" na usapan sa pagitan ng magkaibigan na nag-away. Ano ang pinakamabuting "opening line" gamit ang angkop na tono?
- "Hoy, bakit mo ako siniraan?"
 - "Pwede ba tayong mag-usap? Gusto ko lang linawin yung nangyari para hindi tayo magkagalit."
 - "Bahala ka na sa buhay mo."
 - "Sino ang may kasalanan sa atin?"

ANSWER KEY (SUSI SA PAGWAWASTO)

Part 1: Competency 1 & 2

- Magpahayag ng impormasyon at makiusap nang may paggalang
- Ma'am
- Interpersonal
- Siya ay kulang sa paggalang at propesjonalismo
- Upang magbigay ng ebidensya at kredibilidad sa kanyang pakiusap

6. "Bes, paki-sabi kay Ma'am lagnat ako, late ako magpasa."
7. Upang maipakita ang damdamin at tunay na intensyon ng nagsasalita
8. Pagpapakita ng pagsisisi at pagpapakumbaba
9. Ito ay pagpapalitan ng damdamin sa loob ng pamilya
10. Upang maramdaman ng ina ang pagiging tapat ng kanyang paghingi ng tawad
11. Paggamit ng "Inay" at "po" bilang tanda ng relasyon at paggalang
12. Isang masinsinang usapan sa tahanan matapos ang isang alitan
13. Ang kombinasyon ng pasalitang wika, ekspresyon ng mukha, at kilos ng katawan
14. Ang ina ay mapagpatawad at nagpapahalaga sa karakter ng anak
15. "Pangako po, pag-iisipan ko muna ang sasabihin ko bago ako magsalita sa susunod."

Part 2: Competency 3 & 4

16. Magpahayag ng intensyong makapagtatrabaho
17. Mahal na Tagapamahala
18. Dahil mayroong nagpapadala at tatanggap ng mensahe para sa isang layunin
19. Pormal at propesyonal
20. Upang agad na malaman ng tatanggap ang nilalaman at layunin ng sulat
21. Pagmamalaki at pagpapahalaga sa kultural na pagkakakilanlan
22. Sa pamamagitan ng mga panayam (interviews) at komentaryo
23. Upang mabigyang-halaga ang mensahe at konteksto ng kanilang sining
24. Isang forum tungkol sa epekto ng climate change
25. Makinig nang may bukas na isipan at paggalang

Part 3: General Concepts

26. Ang wika ay masistemang balangkas ng mga sinasalitang tunog
27. Ang awdyens o ang taong kausap
28. Isang video presentation na may audio, text, at graphics
29. Dahil naiparating at natanggap ang tamang mensahe at intensyon
30. "Pwede ba tayong mag-usap? Gusto ko lang linawin yung nangyari para hindi tayo magkagalit."